# Traffic Safety Manual

**Para sa mga driver,**

- Kinakailangan ang lisensiya sa pagmamaneho kung nagmamaneho ng sasakyan.
  Ang validity ng International Driver’s License ay sa loob ng isang taon mula sa araw ng pagpasok sa bansang ito at isang taon din mula sa araw ng pagpapalabas ng International Driver’s License. Kapag hindi sapat sa kondisyong ito, ituturing na wala itong bisa para sa pagmamaneho sa Japan. Tapos kung ang panahon mula ng pag-alis hanggang sa pagbalik sa Japan ay walang tatlong buwan, kahit inilabas sa nasabing bansa ang balidong lisensiya, hindi tatanggapin ito para sa pagmamaneho sa Japan.
- Sa intersection na may “Stop” sign, dapat huminto muna sa harap ng stop line at siguraduhin kung may panganib sa paligid mo. Huwag maging sabagal sa iba pang mga sasakyang nagbibiyahe sa intersection.
- Pag kumanan sa loob ng intersection, tumabi ka muna sa gitna ng intersection at tumawid sa malapit sa gitna habang dalagang ang takbo. Pag may mga naglalakad, dapat huminto muna at bigyan mo siya ng daan.
- Pag uminom ka ng alak, huwag kang magmaneho ng sasakyan. At iwasan mong magmaneho ng sasakyan kapag uminom ng gamot para sa sipon o sakit sa ulo.
- Dapat kang mag-“seat-belt” sa pagmamaneho ng sasakyan at dapat din gamitan nito ang nakasakay.
- Kapag nakaaksidente at may taong napinsala sanhi ng aksidenteng ito, dapat gumawa ng paraan para mailigtas ang taong napinsala at mag-report kaagad sa pulisya. Kahit walang taong napinsala sa aksidenteng idinulot mo, dapat din mag-report sa pulisya. (Kung hindi ka nagre-report sa pulisya, paparusahan ka. ) Numero ng telepono at 110.

**Para sa mga taong naglalakad at namimisikleta,**

- Dapat maglakad sa bangketa ang mga naglalakad. Kapag walang bangketa, dapat maglakad sa bandang kanan ng daan. Ang bisikleta ay dapat dumaan sa bandang kaliwa ng bangketa. Pero sa lugar na may sign board na nagsasabing “maaaring dumaan sa bangketa ang biskleta”, tumabi muna sa malapit sa lansangan.
- Sa isang intersection na may “Stop” sign, dapat huminto muna sa harap ng stop line at siguraduhin kung may panganib o wala sa kanan at kaliwa. Sa isang intersection na hindi maliwanag o pagpasok sa isang malaking daan mula sa masikip na daan dapat pansamantalang himinto at tumingin ng mabuti sa kanan at kaliwa kung may panganib o wala.
- Kapag gusutong kumanan sa isang intersection na may traffic light ang bisikleta, tumawid muna sa tawiran na may ilaw ng green tapos lumiko sa kanan at tumawid sa tawiran kapag nagge-green ang traffic light.

  Sa isang intersection na walang traffic light, dapat kumanan habang sinisiguradong mabuti sa bandang likod mo.
- Dapat sundin ang ilaw ng “traffic light para sa naglalakad” ang mga naglalakad kapag tumawid sa tawiran.

**Traffic Sign Board**

| | | | |
|---|---|---|---|
|   |   |   |   |
| Stop | Speed limit | No parking | No parking or stopping |
|  |  |  |  |
| One way | Proceeded only to designated directions | No entry for vehicles | Entering the right side of the road in order to overtake prohibited |